



Isang Resource na Patnubay para sa Mga Imigranteng New Yorker

Ang Lahat ng Mga New Yorker ay Makakahingi ng Pag-aaruga at Suporta Nang Walang Takot



LEGAL NA TULONG SA IMIGRASYON

Tumawag sa ActionNYC sa **800-354-0365**, mula Lunes hanggang Biyernes, 9AM hanggang 6PM nang libre, ligtas na legal na tulong sa imigrasyon. Makakuha lang ng tulong mula sa pinagkakatiwalaan, lisensiyadong abogado o akreditadong kinatawan.



PAGSUPOORTA SA MGA IMIGRANTENG PAMILYA

Pag-aalaga sa Kalusugan

- Ang pagpapabakuna, pag-aalaga, pagte-test, o paggamot para sa COVID-19 ay hindi makakaapekto sa katayuan mo sa imigrasyon. Makahanap ng libreng testing site na malapit sa iyo sa nyc.gov/covidtest o tumawag sa **212-COVID19 (212-268-4319)**.
- Mag-enroll sa mga health insurance plan, kasama ang mga libreng plan sa nyc.gov/getcoverednyc o tumawag sa **311**. Kung hindi ka kuwalipikado para sa health insurance, ginagarantiya ng NYC Care ang mga serbisyo nang mababa o walang gagastusin. Balewala ang katayuan sa imigrasyon. Tumawag sa **646-NYC-Care (646-692-2273)** o pumunta sa nycare.nyc.
- Nai-stress o nababalisa? Kumausap ng NYC Well counselor para sa kumpidensiyal na suporta at para kumonekta sa mga resource para sa pag-aaruga sa kalusugan ng pag-iisip at paggamit ng sangkap. Pumunta sa nyc.gov/nycwell, tumawag sa **888-NYC-Well (888-692-9355)**, o i-text ang WELL sa **65173**.

Edukasyon

- Lahat ng mga bata sa NYC na nasa edad na 4 ay nararapat para sa Pre-K at maaaring dumalo sa pampublikong paaralan hanggang sila ay maging 21. Sa ilang mga kapitbahayan, maaaring mayroon ding “3-K” sa mga batang nasa edad na 3. Para mag-enroll, pumunta sa schools.nyc.gov/enrollment o tumawag sa **311**.
- Matuto ng Ingles nang Libre sa We Speak NYC. Ang mga Intermediate na mag-aaral ng wikang Ingles ay maaaring bumisita sa wespeaknyc.cityofnewyork.us para magpatala para sa mga online na klase sa pakikipag-usap.



Emerhensiyang Pagkain

- May mga libreng vegetarian, halal, at kosher na pagkaing makukuha sa mga lokasyon sa buong NYC. May mga opsyon sa pag-deliver na magagamit ang mga nararapat na New Yorker. Matuto pa sa nyc.gov/getfood o tumawag sa **311** at sabihin ang “Get Food.”

PAGPAPANATILING LIGTAS SA ATING MGA KOMUNIDAD

Pampublikong Kaligtasan

- Ayon sa batas, hindi maaaring magtanong ng NYPD tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng mga biktima sa krimen, mga saksi, o mga ibang tao na humihingi ng tulong. Ang sinumang naging biktima ng krimen o nakasaksi sa krimen ay dapat tumawag sa **911**.

Mga Proteksiyon Laban sa Diskriminasyon

- Hindi pinapayagan ang diskriminasyon, paghihiganti, at panliligalig laban kanino man sa batayan ng kanilang lahi, relihiyon, o katayuan sa imigrasyon sa New York City. Para magsumbong ng panliligalig o diskriminasyon, tumawag sa NYC Commission on Human Rights sa **212-416-0197**.

IDNYC

- Ang IDNYC ay isang libreng, bigay ng pamahalaang photo ID card para sa lahat ng mga residente ng NYC na nasa edad na 10 at mas matanda at nagbibigay ng access sa malawak na saklaw ng mga serbisyo at diskuwento. Kumpidensiyal ang impormasyon ng mga aplikante sa IDNYC. Balewala ang katayuan sa imigrasyon. Mag-renew online o gumawa ng appointment para mag-enroll sa nyc.gov/idnyc o tumawag sa **311**.

Mga Proteksiyon Laban sa Karahasan sa Tahanan

- Narito ang Lungosd para tumulong kung nakakaranas ka ng pang-aabuso. Maari kang pumunta sa nyc.gov/nychope o tumawag sa Domestic Violence Hotline ng NYC sa **800-621-HOPE**.



MAY MGA KARAPATAN KA

Alamin ang Mga Karapatan Mo sa ICE (Immigration Enforcement)

- Hindi nagsasagawa ang Lungosd ng pagpapatupad sa imigrasyon. Kung nilapitan ka ng federal immigration enforcement, may mga karapatan ka. Pumunta sa nyc.gov/knowyourrights o tumawag sa ActionNYC at **800-354-0365** para sa libre at ligtas na legal na tulong sa imigrasyon.

Mga Karapatan ng Umuupa

- Kung residensiyal kang umuupa at kailangan ng tulong sa anumang mga isyu na kaugnay ng pagpapalis o kasero, kasera, pumunta sa nyc.gov/tenantprotection o tumawag sa **311** at sabihin ang “tenant helpline” para sa libreng legal na tulong. Para sa karagdagang suporta sa pabahay, pumunta sa nyc.gov/housing.

Mga Karapatan ng Mga Trabahador

- May karapatan ka sa bayad na sick leave sa ilalim ng batas ng New York City. Balewala ang katayuan sa imigrasyon. Ang Mga Imigranteng New Yorker na may pahintulot sa pagtatrabaho ay maaaring kuwalipikado sa mga benepisyo ng insurance benefits. Pumunta sa nyc.gov/workers para sa resources tumawag sal **212-436-0381**.

Tumawag sa MOIA Hotline

- Kung may mga tanong ka tungkol sa imigrasyon o kung paano makaka-access sa mga serbisyo ng Lungosd, mayroong makukuhang tulong sa wika mo. Tumawag sa hotline ng Mayor's Office of Immigrant Affairs (MOIA) sa **212-788-7654** mula Lunes hanggang Biyernes, 9AM hanggang 5PM, o mag-email sa askmoia@cityhall.nyc.gov.

